7

# Learning Activity Sheet sa FILIPINO

## Kuwarter 3- Week 6- MELC 10

## Pagsulat Ng Balita



REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# Learning Activity Sheet 10

Pangalan ng Mag-aaral: ____________________________________________
Taon at Pangkat: _______________________________Petsa: _____________

## FILIPINO 7 ACTIVITY SHEET

**PAGSULAT NG BALITA**

### I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

Nasusuri ang mga salitang ginamit sa pagsulat ng balita ayon sa napakinggang halimbawa. **F7PN-IIIj-17**

Natutukoy ang datos na kailangan sa paglikha ng sariling ulat-balita batay sa materyal na binasa. **F7PB-IIIj-19**

### II. PANIMULA

Ang **balita** (mula sa Sanskrito: [vārttā]) ay isang uri ng lathalain na tumatalakay sa mga kasalukuyang kaganapan sa labas at/o loob ng isang bansa na nakatutulong sa pagbibigay-alam sa mga mamamayan. Maaari itong ihayag sa pamamagitan ng paglilimbag, pagsasahimpapawid, Internet, o galing sa bibig at ikalat sa ikatlong partido o sa maramihang mambabasa at nakikinig.

**URI NG BALITA**

1. **Balitang Panlokal** - tumatalakay sa mahahalagang pangyayaring nagaganap lamang sa isang tiyak na bahagi ng bansa.(munisipyo, lungsod, lalawigan.)

2. **Balitang Pambansa** - tumatalakay sa mahahalagang pangyayaring nagaganap sa buong bansa.

3. **Balitang Pandaigdig** - tumatalakay sa mahaha lagang pangyayaring nagaganap sa iba't ibang bansa ng daigdig.

4. **Balitang Pang-edukasyon** - tumatalakay sa mga pangyayaring may kinalaman sa edukasyon.

5. **Balitang Pampolitika** - tumatalakay sa mga pangyayaring may kinalaman sa politika.

6. **Balitang Pampalakasan** - tumatalakay sa mga pangyayaring may kinalaman sa mga palaro at kumpetisyong pampalakasan.

7. **Balitang Pantahanan** - tumatalakay sa mga pangyayaring may kinalaman sa pamamahala ng tahanan.

8. **Balitang Pangkabuhayan** - tumatalakay sa mga pangyayaring may

Ready-to-Print

kinalaman sa negosyo at takbo ng kabuhayan ng bansa.

9. **Balitang Panlibangan** - tumatalakay sa mahahalagang pangyayaring may kinalaman sa larangan ng telebisyon, radyo, pelikula, tanghalan at iba pa.

## PAGSULAT NG BALITA

Sa pagsulat ng balita, karaniwang ginagamit ang kayariang baligtad na piramide (inverted pyramid) kung saan makikita ang pagpapahalaga sa bahaging nais itampok. Narito ang paraan sa pagsulat ng isang balita.

1. Karaniwang isinusulat ang mahahalagang datos sa unang talata na kung tawagi'y pamatnubay na pangungusap. Tumutugon ito sa mga tanong na ano, sino, kailan, bakit at paano sang-ayon sa nais itampok o bigyang halaga sa balita.

2. Ang katawan ng balita ang siyang nagbibigay sa mga detalyeng paliwanag hinggil sa mga datos na binabanggit sa pamatnubay.

3. Ang panghuling bahagi ang tumutugon sa di- gaanong mahahalagang detalye. Samakatuwid, sinusulat ang katawan sa paraang pahinang kahalagahan.

## III. SANGGUNIAN


PINAGYAMANG PLUMA 7, Alma M. Dayag et. al.
https://tl.wikipedia.org/wiki/Balita
https://teksbok.blogspot.com/2013/01/uri-ng-balita.html
https://news.abs-cbn.com/news/08/05/20/bacolod-negros-occidental-nagtala-ng-24-bagong-kaso-ng-covid-19
https://www.gmanetwork.com/news/balitambayan/balita/
https://news.abs-cbn.com/sports/04/24/17/palarong-pambansa-batang-kampeon-ng-3000m-tumakbong-nakapaa
https://medium.com/mkule/balita-pagsisimula-ng-klase-kalidad-na-edukasyon-para-sa-iilan-2936326d2358
http://fortvillejourney.blogspot.com/2011/09/bahagi-nga-pahayagan-balitang.html


## IV. MGA GAWAIN

**PANUTO:** Basahin at unawain ang mga gawain sa ibaba. Sagutin ito ng may pag – unawa sa paksang binasa.

Ready-to-Print

## GAWAIN 1

### Bacolod, Negros Occidental nagtala ng 24 bagong kaso ng COVID-19

**Nico Delfin, ABS-CBN News**

Posted at Aug 05 2020 03:40 AM

Nasa 13 na bagong kaso ng COVID-19 ang naitala sa Bacolod City habang 11 na bagong pasyente ng naturang sakit ang naitala sa lalawigan ng Negros Occidental nitong Biyernes.

Ang Bacolod ang may pinakamarami na clustered cases sa rehiyon, na may 16 na barangay na may naitalang clusters.

Kabilang naman sa 11 na bagong kaso sa Negros Occidental ang isang 27-anyos na lalaki na tinuturing local case sa Bago City.

Sa tala ng Department of Health-Region 6, kabilang ang Bago, Talisay at San Carlos City sa mga lugar na may clustering of cases ng COVID-19.

Lumalabas sa record ng DOH-6 na may 25 na barangay sa Western Visayas ang may clustering of cases, kasama na ang Bacolod.

Muling nanawagan sa publiko ang mga health officials na maari ay iwasan na muna ang paglabas ng bahay kung hindi naman kinakailangan sa paniniwala na mababawasan nito ang pagkalat ng virus.

**Panuto:** Suriin ang mga salitang ginamit sa nabasa/napakinggang balita ayon sa pagkakasulat nito upang makatulong ito sa iyong gagawing balita ayon sa mga katangian na nakalista sa ibaba.

| Katangian ng salitang ginamit | **/ O X** | Paliwanag/ patunay kung bakit<br>**/ o X** |
|---|---|---|
| Simple ang salitang ginamit | | |
| Napapanahon ang balita | | |
| Naiintindihan ng lahat | | |
| Akma ang pagkakagamit ng salita | | |
| Maikli lamang ang talata | | |

Ready-to-Print

**GAWAIN 2**

**Panuto:** Tukuyin ang mga datos na nakatala sa ibaba na iyong kailangan para sa paglikha ng sariling ulat-balita. Sagutin ang mga katanungan at isulat sa patlang ang sagot. Makatutulong ito upang mabilis mong mabuo ang balitang isusulat.

1. Ano ang balitang ilalahad?____________________________________________
2. Sino ang kailangan kong kapanayamin o hingan ng impormasyon?

________________________________________________________________

3. Saan ko ito makukuha? _____________________________________________
4. Kailan ko ito uumpisahan? ___________________________________________
5. Ano ang iba pang bagay at datos na kakailanganin ko upang mabuo at makompleto ang isusulat kong balita? ______________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________.

**GAWAIN 3**

**Panuto:** Sa ibaba ay mga halimbawa ng ulo ng mga balita. Suriin ito ayon sa uri ng balita. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

a. Balitang Panlokal
b. Balitang Pambansa
c. Balitang Pang-edukasyon
d. Balitang Pandaigdigan
e. Balitang Pampalakasan
f. Balitang Panlibangan

____ 1.DENR: Plastic Straw, panghalo ng kape, ipinagbabawal na ngayon sa Pilipinas
____ 2.Lacson liwat magapapili gobernador sa 2022
____ 3. Palarong Pambansa: Batang kampeon ng 3000m, tumakbong nakapaa
____ 4. Pagsisimula sa Klase: Kalidad na Edukasyon para sa Iilan
____ 5. Paglisan ng 30,000 tropang Kano sa South Korea, hiniling

**REPLEKSIYON**

Natutuhan ko na mahalagang patuloy na basahin, pag-aralan, at matuto mula sa iba't ibang uri ng balita at kung paano ito isusulat dahil:
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**SUSI SA PAGWAWASTO:**

*Gawain 1*

*Ang guro na ang magwawasto sa sagot ng mag-aaral*

*Gawain 2.*

*Ang guro na ang magwawasto sa sagot ng mag-aaral*

*Gawain 3*

*1. B    2. A    3. E    4. C    5. D*

Ready-to-Print